

Proseso ng Paglilinis sa Washington



Ang mga plano sa pakikilahok ng publiko at mga panahon ng komento ay kinakailangan lamang para sa mga paglilinis sa ilalim ng isang legal na kasunduan sa Ecology. Kung hindi, ang lahat ng paglilinis ay susunod sa mga parehong hakbang. Ang mga hakbang ay tinukoy ng batas sa paglilinis sa Washington, ang Batas sa Pagkontrol ng Mapanganib na Kemikal.

Paunang pagsisiyasat

Alamin kung may kontaminasyon na nangangailangan ng paglilinis.

Suriin ang lugar

Suriin ang potensyal na banta sa mga tao at sa kapaligiran.

Pag-aralan ang lugar (pantulong na imbestigasyon)

- Alamin kung ano at saan ang kontaminasyon.
- Tukuyin kung paano maaaring makaapekto ang kontaminasyon sa mga buhay na bagay.

Isaalang-alang ang mga opsyon (pag-aaral ng kakayahan)

- Paghambingin ang mga paraan upang hindi makapinsala sa mga tao o sa kapaligiran ang kontaminasyon.
- Timbangin ang mga benepisyo kumpara sa mga gastos ng bawat opsyon sa paglilinis.

Planuhin ang paglilinis (planong aksyon sa paglilinis)

- Ilarawan ang napiling opsyon sa paglilinis ng Ecology.
- Magtakda ng mga pamantayan sa paglilinis na magpoprotekta sa mga buhay na bagay.
- Mag-iskedyul ng mga susunod na hakbang.
- Magtakda ng mga kinakailangan para sa pagsubaybay at pagpapanatili.

Idisenyo ang paglilinis

Gumawa ng mga detalyadong plano sa pagtatayo para sa aksyon ng paglilinis.

Linisin ang lugar!

Kumpletuhin ang aksyon ng paglilinis. Halimbawa:

- Pagtatayo ng isang sistema ng maramihang patong na pantakip.
- Pag-install ng isang sistema ng paggamot.
- Pag-alis ng kontaminasyon sa isang espesyal na tambakan ng basura.

Subaybayan, panatilihin, at repasuhin

- Paganahin ang mga sistema ng paggamot at subaybayan ang pag-unlad.
- Iwasan ang mga aktibidad na maaaring makaistorbo sa paglilinis.
- Regular na repasuhin upang tiyakin na ang paglilinis ay patuloy na nagpoprotekta sa mga buhay na bagay.

Alisin sa Listahan ng Mga Kontaminadong Lugar

Lumipat sa listahan ng Walang Karagdagang Aksyon kung ang lugar ay sumusunod sa lahat ng mga pamantayan at kinakailangan.

🗨️ Oportunidad ng pampublikong input

Mga pansamantalang aksyon 🗨️

Maaaring linisin ang ilang kontaminasyon bago ang pangwakas na paglilinis.

Legal na mga utos o kasunduan 🗨️

Tukuyin ang mga kinakailangang gawain at iskedyul.

Mga plano sa pakikilahok ng publiko 🗨️

Ipaliwanag kung paano hihingi ng input ang Ecology mula sa lokal na komunidad.